Ang pagdarasal ng Jama`ah [kasama ang mga mananampalataya sa loob ng Masjid],ay higit na mainam mula sa pagdarasal na nag-iisa,nang dalawampu`t pitong beses

Ayon kay `Abdullāh bin `Umar, malugod si Allāh sa kanilang dalawa.-Hadith na Marfu: ((Ang pagdarasal ng Jama`ah [kasama ang mga mananampalataya sa loob ng Masjid],ay higit na mainam mula sa pagdarasal na nag-iisa,nang dalawampu`t pitong beses))
[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Nagpapahiwatig ang Hadith na ito sa pagpapahayag ng kainaman ng pagdarasal na Jama`ah [kasama ang mga mananampalataya sa loob ng Masjid] sa pagdarasal na nag-iisa.Na sa pagdarasal ng Jama`ah [kasama ang mga mananampalataya sa loob ng Masjid]-ay napapaloob rito ang mga dakilang kainaman at mga kabutihan sa pangangatawan-ito ay higit na mainam at higit na may karagdagang [kabutihan] sa pagdarasal na nag-iisa nang dalawampu`t pitong beses na gantimpala,.dahil sa ang pagitan ng dalawang gawain na may malaking pagkakaiba sa pagsasagawa ng layunin,at pagkamit ng mga kabutihan,At walang pag-aalinlangan, na sinuman ang mawala sa kanya ang malaking tubong ito,siya ay inalisan ng karapatan.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/3441